

Gabay sa Pag-iwas ng mga Kumpanya laban sa Sapilitang Paggawa (Maikling Bersyon)

Upang matulungan ang mga kumpanya at kaugnay na organisasyon na maunawaan ang pangunahing nilalaman ng “Enterprise Guidelines for the Prevention of Forced Labor” ng Ministry of Labor ng Taiwan, narito ang pinaikling buod ng mahahalagang bahagi nito. Para sa mas detalyadong regulasyon at praktikal na paraan ng pagpapatupad, mangyaring sumangguni sa buong bersyon ng gabay.

1) Background at Layunin ng Gabay

Sa mga nakaraang taon, lalong humigpit ang pandaigdigang pamamahala ukol sa karapatang pantao sa supply chain. Mula sa simpleng moral na panawagan, ito ay naging legal na regulasyon na may kasamang mga trade restriction at import control measures. Kabilang dito, ang “pagbabawal sa sapilitang paggawa” ay kinikilalang pangunahing pamantayan sa paggawa sa buong mundo at isa sa mga pangunahing karapatan ng lahat ng manggagawa.

Upang mapangalagaan ang dignidad ng mga manggagawa, alinsunod sa: UN Guiding Principles on Business and Human Rights, International Labour Organization (ILO) standards (Convention No. 29 at No. 105 at ang 2014 Protocol), OECD Guidelines for Multinational Enterprises on Responsible Business Conduct, ang Ministry of Labor ay naglabas noong Pebrero 13, 2026 ng “Enterprise Guidelines for the Prevention of Forced Labor” bilang sanggunian ng mga kumpanya sa paggawa ng polisiya at mekanismo laban sa sapilitang paggawa. Layunin nitong tulungan ang mga kumpanyang wala pang labor human rights policy upang: maunawaan ang kahulugan ng forced labor, makabuo ng paunang action framework, at makapagtatag ng risk management mechanism. Kabilang sa nilalaman ng gabay ang: labing-isang (11) indikasyon ng sapilitang paggawa, framework ng action plan ng kumpanya, self-assessment checklist at reference

documents, paliwanag sa international audit standards, at mga practical case studies at Q&A.

(2) Mga Indikasyon ng Sapilitang Paggawa at Kanilang Kahulugan

(Konsepto ng “Concentric Circle”)

Upang matulungan ang mga kumpanya na matukoy ang panganib ng sapilitang paggawa, ginamit ng Ministry of Labor sa nasabing gabay ang “Labing-isang (11) Indikasyon ng Sapilitang Paggawa” na inilathala ng International Labour Organization (ILO) bilang pangunahing batayan para sa maagang babala at pagsusuri ng panganib sa loob ng kumpanya.

Batay sa obserbasyon sa aktwal na sitwasyon, ang sapilitang paggawa ay hindi lamang isang hiwalay na gawain. Ito ay nagsisimula sa pinakaugat na “debt bondage” o pagtatrabaho kapalit ng utang, at unti-unting lumalawak palabas, kung saan makikita ang iba’t ibang paraan ng panlilinlang, pagkontrol, pagsasamantala, at pagbabanta. Ang mga ito ay magkakaugnay at sabay-sabay na nagiging sanhi ng sistematikong pagsasamantala.

Dahil dito, inilatag sa gabay ang labing-isang indikasyon gamit ang estrukturang “concentric circle” o magkakapatong na bilog (tulad ng nasa susunod na pahina, Larawan 1), upang ipakita ang magkakaugnay na antas ng sapilitang paggawa mula sa pinakasentro hanggang sa panlabas na bahagi nito.

1. Core Layer: Debt Bondage (Pagkakautang kapalit ng trabaho)

Ito ang pinakaugat ng forced labor. Kapag nalubog ang manggagawa sa utang dahil sa mataas na recruitment fee o iba pang bayarin, nawawala ang kanyang kakayahang tumanggi o makipagkasundo, kaya napipilitan siyang tanggapin ang pang-aabuso.

2. Inner Layer: Pangunahing Paraan ng Pagkontrol


Kabilang dito ang: pag-abuso sa kahinaan ng manggagawa, panlilinlang, pagkumpiska o pagpigil ng passport o ID documents.

3. Middle Layer: Mga Anyo ng Pagsasamantala

Kapag kontrolado na ang manggagawa, maaaring maranasan ang: hindi pagbibigay ng tamang sahod, sobrang overtime, hindi makataong kondisyon sa trabaho at tirahan, paghihigpit sa kalayaan sa paggalaw.

4. Outer Layer: Mas Matinding Kontrol

Ito ay tumutukoy sa kung paano gumagamit ang employer ng panlipunan, sikolohikal, at marahas na pamamaraan upang higit pang mapalalim ang pagsunod at takot ng manggagawa, dahilan upang mahirapan siyang makaalis sa mapagsamantalang kapaligiran. Kabilang dito ang mga sumusunod na indikasyon: pag-isolate, pisikal at sekswal na karahasan, pananakot, at pagbabanta.



Larawan 1. "Labing-isang Indikasyon ng Sapilitang Paggawa" ng ILO

Bagama't ipinakita sa gabay ang ugnayan ng antas at sanhi ng bawat indikasyon sa pamamagitan ng konsepto ng "concentric circle," at isa-isang ipinaliwanag ang tiyak na kahulugan ng labing-isang indikasyon bilang mahalagang batayan ng mga kumpanya sa pagtukoy ng sapilitang paggawa, binibigyang-diin din ng gabay na ang pagkakaroon lamang ng isang indikasyon ay hindi agad nangangahulugan ng sapilitang paggawa.

Gayunpaman, kung maraming indikasyon ang sabay-sabay na umiiral, at batay sa kabuuang pagsusuri ay may elemento ng pamimilit, kawalan ng kalayaan, at kakulangan ng malayang at may sapat na kaalamang pagsang-ayon, ito ay malinaw na nagpapakita na ang manggagawa ay nasa mataas na panganib ng sapilitang paggawa.

(3) Limang Pangunahing Aspeto ng Corporate Action Plan at Self-Assessment

Upang matiyak na ang mga kumpanya at kanilang supply chain ay epektibong makapigil sa panganib ng sapilitang paggawa, nagdisenyo rin ang gabay ng isang “Corporate Action Plan Framework” upang tulungan ang mga kumpanya na unti-unti at sistematikong maisulong ang iba’t ibang hakbang para sa pag-iwas at pagbabawal ng sapilitang paggawa.

Inirerekomenda ng gabay ang pagpapatupad ng “prinsipyo ng paunti-unting pagpapatupad ayon sa yugto.” Sa unang yugto, dapat unahin ng kumpanya ang sariling pananagutan sa pamamahala, kabilang ang mga subsidiary nito, at bigyang-prioridad ang pagpapalakas ng internal capability o kakayahan sa loob ng organisasyon.

Sa susunod na yugto, batay sa antas ng panganib at kakayahan sa pamamahala, unti-unting palalawakin ang saklaw upang maisama ang mga high-risk at pangunahing suppliers, hanggang sa tuluyang maisakatuparan ang layunin ng pag-iwas sa sapilitang paggawa sa buong value chain o kabuuang kadena ng operasyon at supply chain.

Upang epektibong matulungan ang mga kumpanya sa pagbuo ng action framework laban sa sapilitang paggawa, inirerekomenda ng gabay na magsagawa ang mga kumpanya ng mga hakbang batay sa sumusunod na “Limang Pangunahing Aspeto.”

1. Policy Commitment ng Kumpanya

Dapat gumawa ang kumpanya ng: human rights policy, o “zero tolerance policy” laban sa forced labor, at ipahayag ito sa mga empleyado at stakeholders.

2. Internal Assessment

Dapat regular na magsagawa ng komprehensibong pagsusuri ang kumpanya upang malaman kung may umiiral na panganib ng sapilitang paggawa sa loob ng kumpanya, kabilang ang mga subsidiary at sangay nito. Dapat ding tipunin at suriin ang mga internal na datos at kaugnay na rekord ng kumpanya (tulad ng work rules o patakaran sa trabaho, labor contracts, payroll records, mga kaso ng reklamo, at iba pa).

Kasabay nito, dapat ding magsagawa ng onsite observation, anonymous survey, o interview upang higit na mapalalim ang pagsusuri at pagkilala sa mga panganib ng sapilitang paggawa.

3. Corrective and Improvement Measures

Kapag natuklasan na may umiiral na panganib ng sapilitang paggawa sa loob ng kumpanya, dapat agad na itigil ang kaugnay na hindi wastong gawain at magsimula ng internal investigation o panloob na imbestigasyon. Batay sa antas ng panganib, dapat ding gumawa ng konkretong corrective action plan at magtakda ng prayoridad sa pagpapatupad ng mga hakbang sa pagwawasto.

4. Risk Identification and Prevention

Dapat regular na magsagawa ng pagsusuri sa panganib ng sapilitang paggawa, at magpatupad ng mga hakbang sa pag-iwas para sa mga natukoy na potensyal na risk factors. Kasabay nito, dapat ding palakasin ang edukasyon at pagsasanay para sa mga empleyado at mga supervisor, pati na rin magtatag ng mekanismo para sa pagrereklamo at pag-uulat, kabilang ang mga hakbang para sa proteksyon ng mga whistleblower o nagsusumbong ng mga paglabag.

5. Supply Chain Management

Dapat manguna ang kumpanya at mga subsidiary nito sa pagbuo ng kakayahang magsagawa ng mga aksyon upang matiyak ang wastong pagpapatupad ng polisiya at action plan laban sa sapilitang paggawa. Kasabay nito, hinihikayat din ang mga kumpanya na makipagtulungan sa

mga industry organizations o gumamit ng third-party resources upang mapalakas ang kakayahan ng kumpanya at ng kanilang mga supply chain partners sa pagtukoy at pagtugon sa mga kaso ng sapilitang paggawa.

Upang makatulong sa mga kumpanya sa pagsasagawa ng internal assessment ng kanilang kasalukuyang kalagayan, hindi lamang isa-isang inilista sa gabay ang mga evaluation items para sa bawat indikasyon at ang mga inirerekomendang supporting documents, kundi espesyal ding naghanda ng isang “Forced Labor Risk Self-Assessment Form” para magamit ng mga kumpanya sa internal risk review.

Saklaw ng assessment form ang apat na pangunahing nilalaman: “54 na checklist items,” “pagsusuri sa antas ng panganib,” “mga hakbang na dapat idagdag o baguhin,” at “pagsusuri sa timeline ng pagpapabuti.”

Maaaring pumili ang mga kumpanya ng naaangkop na dokumento at paraan ng pagsusuri batay sa kanilang aktwal na uri ng operasyon, management system, at katangian ng panganib.

(4) International Standards at Audit Systems

Layunin ng gabay na magbigay sa mga kumpanya ng isang action plan at preparatory framework na maaaring ipatupad nang paunti-unti at sunod-sunod, upang matulungan silang magkaroon ng pangunahing kaalaman tungkol sa sapilitang paggawa at makapagtatag ng internal management mechanisms. Hindi nito layuning palitan ang mga opisyal na international standards o ang mga requirement ng third-party audits.

Sa katunayan, nitong mga nakaraang taon, maraming international industry alliances, business organizations, at certification bodies ang nagtatag na ng kani-kanilang codes of conduct at monitoring mechanisms. Dahil dito, kinakailangang sumunod ang mga kumpanya sa iba’t ibang pamantayan depende sa kanilang industriya at sa regulasyon ng kanilang supply chain.

Gayunpaman, dahil ang disenyo ng mga pamantayang ito ay nakabatay sa katangian at pangunahing pokus ng iba’t ibang industriya, magkakaiba rin ang kanilang evaluation at audit mechanisms.

Upang matulungan ang mga kumpanya na mas maunawaan ang mga pagkakaibang ito at matukoy ang mahahalagang bahagi ng bawat pamantayan, partikular na pinili sa gabay ang apat na kinikilalang international codes of conduct: RBA (Responsible Business Alliance), SA8000 (Social Accountability International Standard), SMETA (Sedex Members Ethical Trade Audit), at FLA (Fair Labor Association).

Kasama rin sa gabay ang pinagsama-samang impormasyon tungkol sa: mga organisasyong saklaw ng bawat pamantayan, pangunahing saklaw o focus area, at paraan ng audit, bilang mahalagang reference ng mga kumpanya sa pag-angkop sa international standards ng global supply chain sa hinaharap.

(5) Practical Cases at Q&A tungkol sa Forced Labor

Upang matulungan ang mga kumpanya na mas maintindihan ang aktwal na anyo ng sapilitang paggawa at ang mga posibleng maging epekto nito kapag nagkaroon ng paglabag, pinagsama-sama at muling inayos sa gabay ang iba't ibang kaugnay na lokal at internasyonal na kaso, at inuri ang mga ito sa siyam na uri ng sitwasyon ng sapilitang paggawa.

Sa bawat kaso, isa-isang sinusuri ang mga indikasyon ng sapilitang paggawa na sangkot dito, at ipinaliliwanag ang kaukulang legal na pananagutan, business risks, at mga maaaring kahinatnan nito, tulad ng: pagtaas ng panganib sa reputasyon ng brand at supply chain, at pagkakakumpiska ng mga produkto ng ibang bansa.

Layunin nitong magsilbing praktikal na reference at paalala para sa mga kumpanya sa pagsusuri ng human rights risks sa kanilang sariling supply chain.

Bukod dito, upang mas madaling maunawaan ng mga kumpanya ang kahulugan ng sapilitang paggawa at ang praktikal na aplikasyon ng gabay, espesyal ding naghanda ang gabay ng isang Q&A section na naglalaman ng mga karaniwang katanungan tungkol sa pag-iwas sa sapilitang paggawa at ang saklaw ng aplikasyon ng gabay.

Sa pamamagitan ng simple at malinaw na paraan ng tanong at sagot, natutulungan ang mga kumpanya na mabilis na maunawaan at makuha ang kaugnay na praktikal na kaalaman.